# IMAWATARI BULLETIN

2022 Nov.

Kani City Police
Presinto ng Imawatari
TEL 63－5739
Kani Station 61－0110

回覧

## PAGPAPAKILALA SA #110 VIDEO REPORT SYSTEM

# Paano Magpadala ng Video




**Step 1**

May ipapadalang One time link・URL at access code ang 110 operator sa inyo. I-check sa inyong cellphone




**Step 2**

Ilagay ang 4-number na log-in code upang makapasok sa system.




**Step 3**

I-click ang AGREE (同意). Maari ng simulan ang pagkuha ng video or kaya ay ipadala na ang nauna ng nakuhang video.

**Kani Police Station Website**

Mula October 1, simulan na ang trial operation ng #110 Video Report System kung saan, gamit ang inyong cellphone o tablet ay maari ng magpadala ng litrato at video ng nasaksihang aksidente o kaya krimen sa #110 . Sa pamamagitan ng inyong ipinadalang video, mas mapapabilis ang pag check at pagresponde sa mga pangyayari.

## DUMARAMI NA ANG NAIREREPORT NA LOST AND FOUND ITEMS

Noong taong 2021, umabot na sa 23,000 ang bilang ng mga naireport na kaso ng nawawalang gamit. Ibig sabihin sa bawat 10 mamamayan ng Gifu prefecture, ay may 1 na nakakawala ng gamit.

Tiyakin na sa tuwing lalabas, and lahat ng gamit ay nasa loob ng bag o sa anumang bitbit na lalagyan. I check ang mga lagayan kung may naiwan bang gamit Laging mag-ingat at alalahanin ang mga bagay-bagay sa paligid.

Lost and Found Search Engine




Napakarami ng mga illegal at nakakapaminsalang impormasyon ang naglipana at ninanakaw sa internet. Kasali na dito ang patungkol sa baril. Upang maiwasan ang anupamang panganib at pinsala, kung may alam kayong magmamay-ari or kaya ay gumagawa ng kahit anong klaseng baril, ipaalam lang sa pulis.




## 1. IPINAGBABAWAL ANG PAGGAWA

Ang paggawa ng kung ano mang armas ay ipinagbabawal. Ito ay isang napakabigat mabigat na krimen.

※Kapag nahuli ay hindi bababa sa 3 taong pagkakakulong

○ Ang modification din ng laruang baril ay maari din maging krimen.

○ Ang paggawa ng armas dahil sa ito ay hilig lamang or kaya ay gustong gawing dekorasyon ay isa pa ding krimen.

## 2. IPINAGBABAWAL ANG PAGMAMAY-ARI

○ Ang pagmamay-ari ng baril na walang lisensiya ay isang krimen

○ Ang pagmamay-ari ng modified toy gun ay isa ding mabigat na krimen